

Petsa: 18 ng Muharram 1448H / Ika-3 ng Hulyo, 2026

Babala Laban sa Panganib ng Droga at Nakalalasing na Inumin

UNANG BAHAGI NG KHUTBAH

Ang lahat ng papuri ay sa Allah, na Siyang lumikha sa tao, nagpalamuti sa kanya sa pamamagitan ng talino, at nagparangal sa kanya sa pamamagitan ng pananampalataya (Iman). Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, na Nag-iisa at walang katambal. Inutusan Niya tayo sa kabutihan at paggawa ng mabuti, at ipinagbawal sa atin ang kalaswaan at pagsuway, pati na rin ang lahat ng nakapipinsala sa pag-iisip at katawan. Ako ay sumasaksi na ang ating Propeta Muhammad ay Kanyang hamba at sugo, na ipinadala na may malilinaw na patunay ng patnubay at pamantayan ng tama at mali (Furqan). Nawa'y ang pagpapala, kapayapaan, at biyaya ng Allah ay mapasakanya, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasamahan na nagtataglay ng kabutihan at kaalaman, sa mga sumunod sa kanila, at sa mga susunod pa sa kanila sa kabutihan.

At pagkatapos: Matakot kayo sa Allah, ang **Nakakaalam** ng mga lihim, sapagkat ang pagkatakot sa Kanya (Taqwa) ang pinakamainam na maihahanda para sa Kabilang Buhay—ang Araw ng Paghuhukom kung kailan ang mga puso ay aabot sa mga lalamunan dahil sa takot, ang araw na walang silbi ang mga kayamanan at iniipon. Ang Allah, na Maluwalhati, ay nagsabi:

"At magbaon kayo (ng mga kabutihan), ngunit ang pinakamainam na baon ay ang pagkatakot sa Allah (Taqwa). Kaya't matakot kayo sa Akin, O mga taong may pang-unawa." [Al-Baqarah: 197]

Mga alipin ng Allah: Napakalaki ng pinagdaraan ng sangkatauhan mula sa mga sakuna, kapighatian, fitnah (pagsubok), at mga salot na nagpahina sa lakas nito, yumana sa pundasyon nito, sumira sa mga pagpapahalaga nito, at nag-aksaya ng mga yaman nito. At katunayan, isa sa pinakamalaki sa mga kapighatiang ito, at pinakamapanganib sa mga salot na ito,



ay ang salot ng mga nakalalasing na inumin at droga. Ang paglaban dito ay naging pangunahing suliranin na ng mga mamamayan at mga pamahalaan; napakaraming lipunan ang naging abala rito, at naging sanhi ito ng paglaganap ng mga krimen at kasalanan.

Katunayan, ang mga nakalalasing na inumin at droga ay may napakaraming pinsala. Ito ay sanhi ng pagkawasak at kapahamakan, nagdadala ng poot ng Makapangyarihang (Allah), at isang madilim na landas na umaakay patungo sa Apoy ng Jahannam.

"At huwag ninyong patayin ang inyong mga sarili. Katunayan, ang Allah ay Laging Maawain sa inyo." [An-Nisa: 29]

At mula kay Abu Hurairah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), mula sa Propeta (kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na siya ay nagsabi:

"Ang nakikiapid ay hindi nakikiapid habang siya ay nananatiling may pananampalataya (sa sandaling iyon), at ang umiinom ng alak ay hindi umiinom nito habang siya ay nananatiling may pananampalataya." [Inulat nina Al-Bukhari at Muslim]

Sapagkat sinisira nito ang pag-iisip at relihiyon, nagiging sanhi upang ang gumagawa nito ay makagawa ng mga kahiya-hiyang gawain, at inilalagay siya sa kalagayan ng isang kinapopootan at hinahamak na tao. Gaano karaming yaman ang sinira nito? Gaano karaming buhay at kalagayan ang pinasama nito? Gaano karaming lakas at enerhiya ang sinayang nito, at gaano karaming oras ang inaksaya nito?

Tingnan ninyo ang mga naidulot nitong mga aksidente sa kalsada, mga krimen ng panghahalay, at mga pagnanakaw! Gaano karaming mga anak na lalaki at babae ang naulila nito? Gaano karaming alitan ang pinukaw nito, at gaano karaming kahihiyan ang idinala nito sa mga taong kagalang-galang at mararantal? Gaano karaming mga ulo ang nayuko nito (sa kahihiyan),



at gaano karaming mga kaluluwa ang hinamak nito? At ito ang binalaan ng Sharia (Batas ng Islam), na pinatutunayan naman ng ating nakikitang realidad.

O Nasyon ng Magandang Asal:

Paano magagawang lapitan ng isang taong may matitinong pag-iisip ang mga nakamamatay na lasong ito at nagwawasak na mga sakit, gayong ang mga pinsala nito ay napakarami—mula sa aspetong panrelihiyon, panlipunan, pang-ekonomiya, at pangkalusugan? Sinabi ni Al-Hasan Al-Basri (nawa'y kahabagan siya ng Allah):

"Kung ang talino ay nabibili lamang, tiyak na pakakamahalin ng mga tao ang halaga nito. Kaya't lubhang kataka-taka ang sinumang bumibili sa pamamagitan ng kanyang sariling salapi ng bagay na sisira sa kanyang isip."

At ang tao—O mga hamba ng Allah—sa sandaling mawala ang kanyang katinuan, siya ay maghahasik ng kasiraan, magmamalabis, mangwawasak, magiging mapaniil, at magdudulot ng pinsala sa iba. Ito ang pinagmumulan ng lahat ng kasamaan at pugad ng panganib. Sinabi ng Pinatnubayang Caliph na si Uthman bin Affan (nawa'y kalugdan siya ng Allah):

"Iwasan ninyo ang alak, sapagkat ito ang ina ng lahat ng kasamaan. Katunayan, may isang lalaki sa mga nauna sa inyo na tapat na sumasamba (sa Allah). Nagkagusto sa kanya ang isang mapandayang babae, kaya't ipinadala nito ang kanyang katulong upang sabihin sa lalaki: 'Inaanyayahan ka namin upang sumaksi.' Sumama siya sa katulong hanggang sa makarating sa isang magandang babae. Sa tabi nito ay may isang batang lalaki at isang banga ng alak.

Sinabi ng babae: 'Sumpa man sa Allah, hindi kita tinawag upang sumaksi, kundi tinawag kita upang sipingan mo ako, o uminom ka ng isang tasa ng alak na ito, o patayin mo ang batang ito.' Sinabi ng lalaki: 'Bigyan mo na lang ako ng isang tasa ng alak na ito'—sa pag-aakalang ang alak ang pinakamagaan sa



tatlo. Pinainom siya ng isang tasa, at sinabi niya: 'Dagdagan ninyo!' At hindi siya huminto hanggang sa sinipingan niya ang babae at pinatay ang bata.

Kaya iwasan ninyo ang alak; sapagkat sumpa man sa Allah, hindi magsasama ang pananampalataya (Iman) at ang pagkasugapa sa alak sa puso ng isang tao malibang halos itaboy ng isa ang kanyang kasama." [Inulat ni Al-Nasa'i, at binalideyt na Sahih ni Al-Albani].

Mga Kapatid sa Islam:

At lalong masama kaysa sa alak na ito ay ang mga ipinagbabawal na gamot (droga)—sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng tabletas nito, mga nakapanghihinang pulbos nito, at mga nakalalangong turok nito. Sinisira nito ang limang pangunahing pangangailangan ng tao: ang pag-iisip, kayamanan, karangalan, relihiyon, at buhay. Sinabi ni Shaykh al-Islam Ibn Taymiyyah (nawa'y kahabagan siya ng Allah):

"Katunayan, ang hashish (isang uri ng droga) ay haram (ipinagbabawal), at ang sinumang gumagamit nito ay pinarurusahan tulad ng pagpaparusa sa umiinom ng alak. At ito ay mas masahol pa kaysa sa alak dahil sinisira nito ang pag-iisip at pag-uugali, hanggang sa ang lalaki ay maging parang babae (mawalan ng kakanyahan) at maging dayooth (walang pakialam sa karangalan ng kanyang pamilya), bukod pa sa iba pang uri ng kasiraan, at tunay na inilalayo nito ang tao sa pag-alaala sa Allah."

At ito ay katotohanan at tumpak, sapagkat ang pagbabawal sa alak ay sumasaklaw sa pagbabawal sa lahat ng uri ng droga at nakalalangong bagay. Mula kay Ibn Umar (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah), mula sa Propeta (kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na siya ay nagsabi:

"Ang bawat nakalalangong bagay ay alak, at ang bawat nakalalangong bagay ay haram (ipinagbabawal)." [Inulat ni Muslim].



O mga Tao:

Kapag atin namang sinuri ang mga sanhi ng salot na ito, makikita natin ito sa kahinaan ng pananampalataya (Iman) at sa panunupil ni Satanas, na sinabayan pa ng nakamamatay na pagkainip (kawalan ng pinagkakaabalahan), saganang salapi, masamang samahan (barkada), bulag na paggaya, at pagsunod sa bugso ng damdamin.

Tunay na ang kabataan, bakanteng oras, at labis na kayamanan, Ay ganap na kasiraan para sa isang tao—isang matinding kasiraan.

Kabilang din sa mga sanhi ay ang pagpapabaya ng mga magulang sa kanilang mga anak; hinahayaan silang magpakalat-kalat at lumaki sa piling ng mga mangmang, kaya't nagdadala sila ng kapighatian sa kanilang sarili at sa kanilang mga pamilya. Mula kay Ibn Umar (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah), nagsabi siya: Sinabi ng Sugo ng Allah (kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya):

"At ang lalaki ay isang tagapangalaga sa kanyang pamilya, at siya ay may pananagutan sa kanyang pinangangalagaan." [Inulat nina Al-Bukhari at Muslim].

Kaya naman, matakot sa Allah ang sinumang nahulog sa putikan ng droga, at alalahanin niya ang Araw ng Pagharap sa Panginoon ng lupa at mga kalangitan. Magmadali siyang huminto at magbalik-loob nang tapat (Tawbah Nasuh), sapagkat ito ay posible pa sa ngayon at ang pinto nito ay nananatiling bukas. Huwag nang maghintay pa na mahulog sa panghihinayang at matinding sakit, upang hindi ka magsisi sa panahong hindi na pakikinabangan ang pagsisisi.

Babala sa mga Nagtutulak ng Droga

At alamin ninyo—nawa'y pangalagaan kayo ng Allah—na ang bawat kamay na nananakit o pumapatay dahil sa mga lasong ito, bawat buhay na nawawala,

kayamanang nasisira, at kalusugang bumabagsak, ay may bahagi ng kasalanan ang mga nagtutulak at nagpapakalat (pushers) nito.

Sila ay mga kasangkapan ng kasiraan na kinasangkapan ni Iblis upang sirain ang mga lupain at ang mga **alipin**. Sila ay mga makasalanan na karapat-dapat sa parusa sa mundo at sa Kabilang Buhay. Kaya matakot sila sa Allah, at alalahanin ang babala ng Isa na hindi kailanman sumisira sa Kanyang pangako:

"Katunayan, ang mga naghahangad na lumaganap ang kalaswaan sa mga nanalig (sa Allah) ay magkakaroon ng masakit na parusa sa mundo at sa Kabilang Buhay. At ang Allah ang nakakaalam, habang kayo ay hindi nakaaalam." [Al-Nur: 19]

Kung ganito ang matinding parusa para sa taong *naghahangad lamang* na lumaganap ito, paano pa kaya ang mismong naging *sanhi at nagpapakalat* nito?!

Pagtatapos

Nawa'y pagpalain ako at kayo ng Allah sa pamamagitan ng Kanyang Aklat (Quran) at ng Sunnah, at makinabang nawa tayo sa naglalaman nitong patnubay at karunungan. Sinasabi ko ang inyong narinig, at humihingi ako ng kapatawaran sa Allah para sa aking sarili, para sa inyo, at para sa buong nasyon (Ummah). Kaya't humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya; katunayan, Siya ang Mapagpatawad, ang Tigib ng Awa.

Ang Ikalawang Bahagi ng Khutbah (Talumpati)

Ang lahat ng papuri ay sa Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang **alipin**, sugo, at Pinili. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ng Allah ay mapasakanya, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasamahan, at sa sinumang sumunod sa kanya.

At pagkatapos: Matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot;



"...At sinuman ang matakot sa Allah, Kanyang papawiin ang kanyang mga kasalanan at palalakiin ang kanyang gantimpala." [Al-Talaq: 5]

Pagkatapos, alamin ninyo—O mga **alipin** ng Allah—na ang mga paraan upang iligtas ang mga **nalolong** sa droga ay marami, at ang mga pamamaraan—sa papuri ng Allah—ay madalas na magagamit. At ang pinakamabisa sa mga pamamaraang ito ay ang pagpapatibay ng kamalayang panrelihiyon (pananampalataya) sa puso ng gumagamit nito.

Ang kamalayang panrelihiyon na ito ang mismong nakita nating naging dahilan upang ibuhos ng mga tao ang alak sa mga kalsada ng lungsod ng Medina na parang mga ilog, sa sandaling bumaba pa lamang ang talata ng pagbabawal sa alak at ang utos na iwasan ito, na siyang sinabi ng Maluwalhating Allah:

"O kayong mga nanalig! Katunayan, ang alak, ang sugal, ang mga diyos-diyosan (mga altar), at ang mga palaso (na panghuhula) ay mga kasuklam-suklam na gawa ni Satanas, kaya't iwasan ninyo ito upang kayo ay maging matagumpay. Ang tanging nais lamang ni Satanas ay magtanim ng alitan at poot sa pagitan ninyo sa pamamagitan ng alak at sugal, at ilayo kayo sa pag-alaala sa Allah at sa pagdarasal (Salah). Kaya hindi ba kayo hihinto?" [Al-Ma'idah: 90-91]

At dahil dito:

"Inutusan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang isang tagapagbalita na isigaw: 'Ketunayan, ang alak ay ipinagbawal na!'" [Pinagkaisahan nina Al-Bukhari at Muslim mula sa hadith ni Anas, nawa'y kalugdan siya ng Allah].

At sa Musnad ng Imam Ahmad, mula kay Abu Hurairah (nawa'y kalugdan siya ng Allah) at binalideyt na *Hasan* ni Shuaib Al-Arnaout, (ang mga Sahabah ay sumagot):

"Kami ay huminto na, aming Panginoon!"

Ito ay bilang pagtalima at pagsunod sa teksto ng Quran: {**Kaya hindi ba kayo hihinto?**}.

Kabilang din sa mahahalagang pamamaraan ay ang paglalayo sa mga nalolong sa dogma mula sa mga nahawaang lugar (masamang kapaligiran) at masasamang kasamahan, at ang paggabay sa kanya patungo sa piling ng mga mabubuting tao—mga taong tutulong sa kanya sa pagbabalik-loob (Tawbah) at sa pananatiling matuwid sa relihiyon. Ito ay kasabay ng pagpili ng mga tamang landas para sa pagpapagamot ng mga sugapa, at ang pagpuno sa kanilang oras ng mga bagay na kapaki-pakinabang at kapuri-puri.

"...Subalit ang sinumang magbalik-loob (sa Allah) pagkatapos ng kanyang pagmamalabis at magbago (ng kanyang sarili), katunayan, ang Allah ay tatanggap ng kanyang pagbabalik-loob. Tiyak na ang Allah ay Mapagpatawad, Maawain." [Al-Ma'idah: 39]

At hindi natin dapat kalimutan—O mga **alipin** ng Allah—na banggitin ang mga kamangha-manghang pagsisikap ng ating mga kapatid sa Kagawaran ng Interyor (Ministry of Interior) at Kagawaran ng Kalusugan (Ministry of Health). Ang una (Kagawaran ng Interyor) sa pagsupil at pagpigil sa mga lasong ito, pag-usig sa mga nagtutulak nito, at pagpataw ng mga parusang nagbibigay-babala sa kanila. Ang ikalawa naman (Kagawaran ng Kalusugan) sa pagkalinga sa mga **nalolong sa droga** at pagsailalim sa kanila sa rehabilitasyon at paggamot, na siyang nagbabalik sa kanila sa kanilang normal na pamumuhay.

Kaya't ang sinumang may nalalamang ganitong uri ng sitwasyon, magmadali siyang ipagbigay-alam ito sa mga awtoridad upang maipasok ang biktima sa mga pasilidad ng paggamot (rehab), at huwag siyang pabayaang malunod sa ipo-ipo ng droga at nakalalangong inumin.



Mga Panalangin (Du'a)

- O Allah! Sapatan Mo kami sa pamamagitan ng Iyong mga ipinahintulot (Halal) laban sa Iyong mga ipinagbawal (Haram), at itaguyod Mo kami sa pamamagitan ng Iyong biyaya nang hindi na mangailangan pa ng iba maliban sa Iyo.
- O Allah! Gawin Mong kaibig-ibig sa amin ang pananampalataya (Iman) at patubuan Mo ito ng kagandahan sa aming mga puso; at gawin Mong kasuklam-suklam sa amin ang kawalan ng pananampalataya (Kufr), ang kalaswaan, at ang pagsuway, at ituring Mo kami sa mga patnubay na nasa tamang landas.
- O Allah! Iparangal Mo ang Islam at ang mga Muslim, at hamakin Mo ang Shirk (pagsasamba sa iba bukod sa Iyo) at ang mga Mushrik (mga nagtatambal sa Iyo). Ipanalo Mo ang Iyong relihiyon, ang Iyong Aklat (Quran), ang Sunnah ng Iyong Propeta (ﷺ), at ang Iyong mga nanalig na hamba.
- O Allah! Patawarin Mo ang mga Muslim na lalaki at Muslim na babae, ang mga nanalig na lalaki at nanalig na babae—ang mga buhay sa kanila pati na ang mga yumao.
- O Allah! Gabayan Mo ang aming Emir at ang kanyang Crown Prince patungo sa Iyong patnubay, at ilaan Mo ang kanilang mga gawa sa pagtalima at pagpapasaya sa Iyo. Gawin Mo ang bansang ito na ligtas, mapayapa, mapagbigay, at masagana—isang tahanan ng seguridad at pananampalataya—gayundin ang lahat ng lupain ng mga Muslim.

Komite sa Paghahanda ng Huwarang Khutbah para sa Pagdarasal sa Araw ng Biyernes (Jumma)